Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Ang Simbahan Ay Humaharap Ng Gulo

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2010 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Limang pong araw na ang nakaraan mula ng nabuhay muli ang anak ng Panginoong Diyos na si Hesus, na ang Banal na Espiritu Santo ay dumating at nanirahan sa mga puso ng kanyang mga disipulos.

Bagamat hindi naintin- dihan ng mga disipulos kung papano ang Diyos na Ama, Diyos na Anak (Hesus) at Diyos na Espiritu Santo ay naging isang Diyos, natuwa sila na ang Diyos ay kasama nila.

Ang Panginoon ay gumawa ng katakatakang mga bagay upang matulongan ang mga apostoles sa pag hikayat ng iba para kay Hesus.

Ang mga taong naniwala kay Hesus ay pinamahagi nila ang kanilang inaari upang matulongan ang mga pulobi.

Ngunit ang isang mag-asawa na ang pangalan ay Ananias at Sapira ay hindi nagtapat.

Pinagbili nila ang
kanilang ariarian at
nagkunyri na dala
nila ang lahat
ng pera
sa harap
ng mga
apostoles.



Sa lihim, itinago nila ang ibang pera para sa kanilang sarili.

"Bakit pinapasok ninyo si Satanas sa inyong mga puso na magsisinunga- ling kayo sa Banal na Espiritu?"

Tinanong ni Pedro si Ananias.

“Hindi kayo nagsisinungaling sa mga tao ngunit sa Panginoong Diyos.”

Nang nasabi ito, si Ananias ay natumba at namatay.



At ang mga binata
ay dali-daling binalut
ang bangkay at dinala
sa labas upang ilibing
sa sementeryo.

Mayamaya, si Sapera ay pumasok so loob, at hindi niya alam na ang kanyang asawa ay namatay na.



Nagsinungaling din siya tungkul sa pera - at ganon din ang nangyari sa kanya. Siya ay namatay. Malaking takot ang dumating sa lahat ng nakarinig ng mga

Ang Banal
na Espiritu
Santo
ay gumawa
ng maraming
tanda at himala

sa pamamagitan
ng mga apostoles.

Halimbawa,
ang mga
maysakit
ay gumaling
nang
maaninohan
sila ni Pedro.

Ito ay panahon ng mga dakilang milagro, ang Diyos ay nasa
kalagitnaan nila.

Maraming na ang naniwala at tumanggap kay Hesus.



Ang pamunuang pari ay galit na galit.

Binilanggo niya ang mga apostoles.

Ngunit sa gabing iyon, binuksan ng anghel ng Panginoon ang mga pintoan ng bilanggoan at pinalabas sila, ...


... at nagsabi,
"Umalis kayo
at tumayo sa
templo at sabihin ninyo sa mga tao
lahat ng mga salita ng buhay."

Ang mga apostoles ay umalis at nag-simula na mangaral tungkol kay Hesus.

Nangsumunod na umaga, natuklasan ng mga taohan ng Pamunuang Pari na ang bilanggoan ay walang laman.

Nang natagpuan niya sila, pinagalitan ng Pangulong Saserdote ang mga apostoles. “Hindi ba na pinagbawalan kayong mangaral sa pangalang ito?



"Kailangan sundin ang utos ng Panginoon kay sa mga tao." Ang sagot ni Pedro at ang ibang apostoles.



Ang Pangulong Saserdote ay galit na galit, at gusto niyang patayin ang mga apostoles. Sa halip ng ito, siya ay nagutos na bugbugin ang mga apostoles bago palayain.



Bagama't sila ay nasaktan, ang mga apostoles ay sumunod sa utos ng Panginoon at tuloy ang pangaral nila tungkol kay Hesus.



Isang araw, ang taong nangangalang Esteban ay hinuli. Si Esteban ay umiibig sa Panginoong Hesus.

Ginamit siya ng Banal na Espiritu Santo na mangaral sa mga ibat ibang tao tungkol kay Hesus.

Ang ibang mga tao ay nagsinungaling tungkol kay Esteban na siya raw ay labag sa Panginoon Diyos.

Pagkatapos ng paglilitis na tuya, si Esteban ay binato hanggang siya ay namatay, dahil sa kanyang pagsamba at pananampalataya kay Hesus.

Si Estaban ay puno ng Banal na Espiritu Santo at bago siya namatay, ...

... tumingin siya sa langit at nakita niya ang luwalhati ng Panginoon at si Hesus na nakatayo sa kanang kamay ng Panginoong Diyos.

Si Estaban ay binato ng madla habang tumatawag sa Panginoon at sinabi, "Panginoong Hesus, tanggapin mo ang aking espiritu."

Pagkatapus, gaya ng Panginoong Hesus sa krus, ...

... ginamit ng matapang
na taong ito ang
kanyang huling
hininga upang
idalangin sa
Panginoon
na patawarin
ang kanyang
mga
mamatay-tao.

Ang kamatayan ni Estaban ay nagumpisa ng panibagong paguusig sa mga naniwala sa Panginoong Hesus.

Ang binatang nangalanang Saulo, na tumulong sa pagpatay kay Esteban, ay hinuli ang bawa't Kristiano na kanyang nakita.

Marami sa kanila ay umalis sa kanilang mga bahay at nag kahiwalay sila.

Ang iba ay patungo sa Hudea at Samaria. Ang mga apostoles ay nanatili sa Herusalem.

Kahit na ang kalaban nila ay sumubok
na patayin sila, iyong mga nag-kalat
na pumaroon kahit saan
ay nangaral pa rin
ng mabuting balita
tung-kol kay Hesus.

Walang makatigil sa mga sumusonod kay Hesus - dahil sa ang Banal na Espiritu Santo ay nasa kanilang kalooban at gumagawa ng gawain sa pamamagitan nila.

Ang Simbahan Ay Humaharap Ng Gulo

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Taga Gawa 4-9

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16